# ARIEL SOTELO TABÁG

ARIEL SOTELO TABÁG. Ilokanong manunulat. Nakatanggap na ng mga gantimpala at *grant* mula Palanca, NCCA, KWF, NBDB, at ilang patimpalak sa Kailokanuhan para sa kaniyang mga nobela, maikling kuwento at tula. Awtor ng *Karapote* (koleksiyon ng maikling kuwento), *Ay, Ni Reberen! (*nobela), *Panangarakup iti Ipus ti Layap (*kalipunan ng mga tula), *Kapessat ti Bagis* (nobela), *Panangsapul iti Puraw a Kabalio* (nobela), *Villa ken Dadduma Pay nga Ababa a Sarita* (koleksiyon ng maikling kuwento), at *Voice Tape ken Dadduma Pay a Napili a Sarita* (koleksiyon ng piling maikling kuwento). Kasapi sa patnugutan ng *Bannawag Magazine.* Nagsasalin ng mga akda ng mga manunulat na Ilokano. Ipinanganak sa Villa, Santa Teresita, Cagayan at nakatira sa Quezon City kasama ang asawa at dalawang anak.

# KAGIMONGAN

Awanan alad ti nagbaetan ti daga ken taaw
Nupay adda naikeddeng nga oras ti ibabangon
Nawaya ti panangawta kadagiti parabur ti danum
Ken ti bakir ken ti talon, ken ti ubbog a disso
A pakasakduan iti pamedped iti waw, iti nakem.

Ti panawen ti agserbi a rukod ti kinatan-ok
Ta tunggal maysa, masuot iti tunggal didigra
Ken kinasaliwanwan nga impaay dagiti dios
Maimdenganda iti laksid dagiti balikas, adda lugar
Iti kada pannakarnek, adda ayug ti panagyaman.

Dagiti pimmusayen, addada iti sidong dagiti sibibiag
Agingga a sipapalubos ti tapok ken sipupuot ti lagip.

# PAMAYANAN

Walang bakod ang pagitan ng lupa at karagatan
Bagaman may takdang oras ng pagbangon
Malaya ang pagtanggap sa mga biyaya ng tubig
At ng gubat at ng bukid, at ang bukal, pook
Kung saan nakaiigib ng pamatid uhaw, ng dunong.

Ang edad ang pamantayan ng kabanalan
Sapagkat bawat isa, nasusubok sa bawat
Delubyo at kasaganaan, hatid ng mga diyos
Pinakikinggan silang salat sa salita, may lugar
Tuwing may himbing, may awit ng pasasalamat.

Ang mga yumao, kapiling ng mga buhay
Hanggang ipahintulot ng alabok, ng alaala.